

Limang Anggulo ng Pag-ibig

Romulo P. Baquiran, Jr.

Alindog

Nagkahiwalay tayo noon sa orihinal na paraiso
saka dumanas at nagtiis ng katakot-takot na hirap,
at ngayon, narito sa maituturing na impiyerno
pero langit na rin dahil muli tayong nagkatagpo.
Bukad ng kuwitis sa langit ang kawangis mo
nang mamukhaan kita, walang biro sinta.
Kahit sa isip ko lang naman nangyari
ang di-magkamayaw na sari-saring liwanag.
Ganoon pala ang maging anghel: magaan ng pakiramdam
kahit lumulutang sa polusyon ng Maynila.
Sanlaksang biyaya ang inihuhulog ng langit,
nagiging bago ang lahat kahit ang huklubang poste.
Ngayon, lumalakad palapit sa aking sulok:
ikaw na nagniningning, humahalimuyak
at sintang nagpapaulan ng halik.

Uod

Marahang-marahang halik,
tila paroparo sa munting bulaklak
ang labi ng mangingibig sa talukap ng sinta.
Dumadaloy, kibot sa kibot, dili sa diling
daigdig na walang bahid ng ligalig.
Matang-tubig ng pagmamahal.

Ngunit batid ng mangingibig:
itong rabaw ng isip at damdamin
ay mapupunit, magsisilang ng uod
na kikiwal sa tangkay ng bulaklak
sa kabila ng nagwawaksing tinik,
mangangatngat ang ubod.
Ganyan ang pag-ibig:
pugad ng halimuyak ng tamis
at sulasok ng di-masikmurang pait.

Paghihintay

Panoorin muna ang tagisan
ng kabataan sa malawak na kort.

Maliksi ang mga dribol ng goma
parang kinakabog na dibdib.

Bumibigat ang anino ng ulap
sa balat ngayong dapithapon.

Nalimutan ng minamahal ang usapang
nakakintal nang kay tagal sa kalendaryo?

Tumatalbog ang bawat pintig ng minuto,
bumabanat sa nagbibilang na puso.

Sumasakay ang isip sa bawat bugso
ng nauubos na liwanag.

Saan naantala ang minamahal?
sa anong dahilan?

Tumatahimik ang pinturang papawirin.
Parang atrasadong panaginip ang lahat.

Humugpong na ang balakang sa batong upuan
Ngunit wala pa rin ang minamahal.

Nag-uwian na ang mga naglalaro
dahil sa ragasa ng gabi.

Selos

Nakatupi ang abiso ng kaniyang pagnanasa
sa puting tisyu: ang iyong pagbulsa dito,
sabihin mang nilukot at nilimot
ay palatandaan ng pagkatuksong
matikman ang kandungan ng iba.
Alam kong iyang tigas mong pagtanggap
ay isa sa sari-saring mukha ng pagtataksil.
Ang tunay na mangingibig ay nakaaamoy
(sasabihin mong nakakaimbento sa kaso ko)
ng masakit na tagpo ng pangangaliwa:
naantalang pagdating,
di masagot-sagot na telepono,
bahid ng lipstick sa panyo,
samyong ibang sabon sa singit,
at nabawasang rubdob ng yakap at halik.
Hindi ko matanggap ang anumang paliwanag,
lalong nagsisikip ang hininga sa mga paglalambing.
Parusa ang di-maburang pagdududa,
nagiging tampok na putahe
na pinagsasaluhan natin araw-araw.

Dulo

Hindi rin niya gustong dito magdulo ang lahat.
Ngunit ano ang gagawin kung wala nang kabuluhan
ang lahat matapos lumayo ang pinakamamahal?
Ano ang naghihintay sa kahindik-hindik na hinaharap?
Walang nang masarap na pag-ibig.
Alam niyang kabaliwan itong pasiya
at isusumpa o kaaawaan siya ng mundo.
Ngunit ito lamang ba ang mensaheng
isusulat niya sa pader ng puso ng mga taong
sa katotohana'y naging mga tunay na mangingibig
sa isang yugto ng kanilang buhay?
Ikaw na mambabasa ng tabloid
na nakasilip sa kaniyang kuwento, marahil
nangilabot o sumaludo sa kaniyang paglipad.
Isipin mong ikaw ang nasa itaas ng gusaling abot-langit:
sa sandali ng pagtalon, may saglit ng rurok;
sa paghigpit ng lubid, may hibla ng ginhawa;
sa paglagok ng lason, may guhit ng paraiso
kahit sandaling-sandali lamang.
Batid ito ng lumisang kaluluwa,
kahit sandaling-sandali lamang.
Ikaw na tunay na mangingibig
ang nakauunawa sa paraisong nalikha
ng munting yugtong iyon ng kasiyahan.